9

# Filipino 9

## Activity Sheet

## Quarter 2- MELC 3

# Pagbibigay- Kahulugan sa Matatalinghalagang Salitang Ginagamit sa Tanka at Haiku



REGION VI – WESTERN VISAYAS

ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

Pag-aari ng Pamahalaan

HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9**
**Learning Activty Sheet 3**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 6- Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **ng Batas Pambansa Bilang 8293**, **Seksiyon 176 na** "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Eduklasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas.

**Mga Bumuo ng Filipino 9 Learning Activity Sheet**

**Manunulat:** Hezel A. Lopez

**Tagasuri:** Perly M. Mapa, Diana P. Agupasa, Alma J. Villar, Rosie C. Cabus, Cynthia C. Cañete, Angela Mae D. Lim, Marie Antoniette M. Villar

**Tagaguhit:** Jerome Jordan Z. Ponsica

**Tagalapat:** Eldiardo E. de la Peña, Antonio O. Rebutada

**Division of Escalante City Management Team:**

Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**

Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana, PhD
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Filipino 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

**Learning Activity Sheets Blg. 3**

Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________
Grado at Pangkat: ______________________________
Petsa: ______________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

# Pagbibigay- Kahulugan sa Matatalinghalagang Salitang Ginagamit sa Tanka at Haiku

## I. KASANAYANG PAMPAKATUTO AT KODA

Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang salitang ginamit sa tanka at haiku F9PT-IIa-b-45

## II. PANIMULA

Ang matalinghagang pahayag ay ang mga ekspresyong may malalalim na salita o may hindi tiyak na kahulugan. Sinasalamin nito ang kagandahan at pagkamalikhain ng wikang Filipino.

Ang matalinghagang pagpapakahulugan naman ay pagbibigay ng pahiwatig na kahulugan ng salita o pahayag.

Halimbawa: Ang ulan ay maaaring mangangahulugan ng pighati at biyaya.
Iba pang halimbawa:

Bahag ang buntot- duwag
Alimuom-tsismis, bulungan
Luha ng buwaya- hindi totoo ang pag-iyak
Kabungguang balikat-kaibigan
Naniningalang pugad- nanliligaw

## III. MGA SANGGUNIAN


- Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino, Unang Edisyon, Vibal Group, Inc.

Sariling Katha,
- Lopez, Hezel A.(2020). “Tadhana ang Bahala” Hindi nailathalang Tanka
- Lopez, Hezel A.(2020). “Pait” Hindi nailathalang Tanka

- Lopez, Hezel A.(2020). “Bulaklak” Hindi nailathalang Haiku
- Lopez, Hezel A.(2020). “Ibon” Hindi nailathalang Haiku
- Lopez, Hezel A.(2020). “Ulan” Hindi nailathalang Haiku


## IV. MGA GAWAIN

**Gawain 1:**

**Panuto:**Basahin at unawain ang halimbawa ng haiku at tanka. Pagkatapos, ibigay ang kahulugan ng matalinghagang salitang may salungguhit.

**Gawain 2:**

Panuto: Basahin ang sumusunod na tanka at haiku. Ibigay ang kahulugan ng matalinghagang salitang ginamit. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Bulaklak**

Pulang bulaklak
Sa’yo ay humahanga
Napakaganda

Ano ang ibig ipahiwatig ng pulang bulaklak?

a. Makulay na bahagi ng halaman
b. Kabataan
c. magandang binibini
d. magandang hardin

**Pait**

Buhay ay ibinuwis
Upang mamasdan
Makulay na daigdig
Ngunit anong kapalit?
Dulot mo’y <u>pait</u>

2. Ano ang ipinapahiwatig ng salitang pait sa tanka?

a. problema
b. pighati
c.pakla
d. hadlang

**Ulan**

Hinihintay ka
Pagpatak mo'y biyaya
Ngayong tag-araw

3. Ano ang kahulugan ng may salungguhit?
a. May grasya ang patak ng ulan
b. Dulot nito'y paglago ng mga pananim
c. Ang ulan ay nakapagpaginhawa sa pakiramdam
d. Nagpapalamig ang ulan sa kapaligiran

**Tadhana ang Bahala**

Hampas ng alon
Ay nangngangalit
Nawasak na pagibig
Huwag nating ipilit
Tadhana ang bahala

4. Ano ang ibig ipahiwatig ng may salungguhit?
a.malaking pagsubok c. hampas ng alon
b. galit na mga alon d.gulo sa dalampasigan

**Ibon**
Taas ng lipad
Ibong walang katulad
Namamayagpag

5. Ano ang ibig ipahiwatig ng may salungguhit?
a. Pagsakay ng eroplano
b. Paglipad ng ibon sa himpapawid
c. Maraming iniisip
d. Malaking pangarap

## V. REPLEKSIYON

Bilang mag-aaral, mahalaga ba para sa iyo ang paksang-araling ito? Bakit?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
_____________________________________.

## VI. SUSI SA PAGWAWASTO

GAWAIN 1

1. C

2. B

3. D

| | |
|---|---|
| 1. C | |
| 2.B | |
| 3.B | |
| 4.A | |
| 5. D | |
| | |